9

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Melanie D. Saplagio, Teacher III, PNHS |
| **Illustrators:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Layout Artists:** | Melanie D. Saplagio, Teacher III, PNHS |
| **Content Editors:** | Lilibeth C. Fernecita, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Language Editors:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Madeline Ann L. Diaz, CID Chief SDO-Muntinlupa City<br>Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Nelia G. Abejar, SDO Coordinator, Filipino<br>Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>May L. Borjal, PDO SDO-Muntinlupa City<br>Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 8 | Kultura ng Kanluraning Asyano mula sa mga Akdang Pampanitikan nito / Pangwakas na Gawain |
|---|---|

## Inaasahan

Ang araling ito ay magiging gabay mo upang higit na makilala ang kultura ng Kanlurang Asya na masasalamin sa mga akdang pampanitikan. Kaugnay nito ang mga gawaing inihanda upang subukin ang mga dating kaalaman at bago mong kaalaman. Sa huli, isang pangwakas na gawain ang iyong isasagawa upang mailapat mo ang iyong natutuhan mula sa mga araling tinalakay sa ikatlong kuwarter.

Sa pagtatapos ng araling ito ikaw ay inaasahang
Naiisa-isa ang kultura ng Kanluraning Asyano mula sa mga akdang pampanitikan nito. **(F9PB-IIIi-j-55)**

## Unang Pagsubok

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung wasto ang kaisipan ng pangungusap at **MALI** kung hindi wasto.

__________1. Ang kanlurang Asya ay itinuturing na Moslem World at ikinakategorya bilang Arid Asya.

__________ 2. Malalakbay natin ang isang bansa sa pamamagitan ng kanilang mga akdang pampanitikan.

__________ 3. Walang sinaunang akdang pampanitikan ang mga taga-Kanlurang Asya.


__________ 4. Mababatid natin sa mga akdang pampanitikan ang paniniwala, tradisyon, at pamumuhay ng isang bansa.

__________ 5. Magiging magkaugnay lamang ang kultura at pagkakakilanlan ng isang bansa kung ito ay tanyag at nabibilang sa mga mayayamang bansa sa buong mundo.

## Balik-tanaw

Panuto: Punan ng nawawalang titik ang mga kahon ng *puzzle* upang matukoy ang Genre na inilalarawan sa pangungusap.

1. Mga kuwentong hango sa bibliya na kapupulutan ng aral.
2. Tulang pasalaysay na naglalahad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan.
3. Akdang tuluyan na naglalahad ng opinyon ng manunulat, maaaring pormal o di-pormal.
4. Tulang papuri para sa taong pumanaw.
5. Nahahati sa mga kabanata, maraming tunggalian, suliranin, at mga tauhan.




## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang katawagang Kanlurang Asya ay kadalasaang ginagamit sa mga kasulatan sa arkeolohiya. Ang Kanlurang Asya ang rehiyong kinabibilangan ng hangganan ng tatlong mahahalagang kontinente sa daigdig ang Africa, Asya at Europa. Ang rehiyong ito ay itinuturing na Moslem World at ikinakategorya bilang Arid Asya. Ito ay binubuo ng mga bansang Arabo tulad ng Saudia Arabia, Lebanon, Jordan, Syria, Iraq at Kuwait. Pangunahing pinagkukunan ng langis ang rehiyong ito. Nanggaling din dito ang mga pangunahing relihiyon sa daigdig gaya ng Judaism, Kristiyanismo at Islam. Mula sa mga akdang pampanitikan na iniambag ng mga bansa sa Kanlurang Asya ay nasisilayan natin ang kanilang tradisyon, paniniwala at kaugalian ng lahing kanilang pinagmulan.

Ang bansang India na matatagpuan sa Timog-Kanlurang Asya ay mayaman sa kultura at paniniwala, pinaniniwalaan ng bansang ito ang kagandahan, katotohanan, at kabutihan. Naniniwala sila na pinagpapala ng Diyos ang maganda at matalino at kumikilos nang ayon sa kanilang lipunan.

Napakarami rin nilang mga tradisyon na halos hindi nagbago sa loob ng apat na libong taon. Ang mga ito ang pumukaw sa interes ng mga dayuhang manlalakbay

dayuhang manlalakbay. Halimbawa, ang Namaskar o Namaste ay ang pinakatanyag na uri ng pagbati sa mga Hindu. Ito ay parehong isinasagawa kapag bumabati sa pagdating o kaya ay namamaalam. Pinagdaraop nila ang kanilang dalawang palad at inilalagay sa ibaba ng mukha. Masasalamin sa kanilang mga naisulat ang kanilang mga pangarap, mithiin, paniniwala, kultura at tradisyon. Mayaman din ang bansang ito sa mga akdang pampanitikan tulad ng epiko. Sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan, mauunawaan ang kultura, paniniwala, tradisyon at pamumuhay ng isang bansa.

Ang sining, musika at lutuin, pati na panitikan, ay mahahalagang mga bahagi ng kulturang Asyano. Itinatampok nito ang iba't ibang uri ng pamanang pangkultura ng maraming bansa at mga pangkat-etniko ng rehiyon. Gumaganap din ng isang pangunahing gampanin ang pilosopiya at relihiyon.

Ang kultura ay salamin ng kasaysayan ng isang bansa. Isa rin ito sa pagkakakilanlan sapagkat ito'y daan para magkaroon ng kasaysayan sa kasalukuyan.

**Pagsagot sa mga Tanong:**

_____ 1. Ano ang paksa ng tekstong nabasa?
A. Kasaysayan ng Kanlurang Asya
B. Kultura ng Kanlurang Asya
C. Relihiyon ng Kanlurang Asya
D. Ekonomiya ng Kanlurang Asya


_____ 2. Bakit sinasabing ang relihiyon ay mahalagang ambag ng Kanlurang Asya?
A. Relihiyoso ang mga mamamayan ng Kanlurang Asya.
B. Maraming mga mosque at simbahang sa rehiyon na ito.
C. Nanggaling dito ang mga pangunahing relihiyon sa daigdig.
D. Pangunahing atraksyon ang relihiyon sa rehiyong ito.

_____ 3. Bukod sa panitikan, musika at sining, ano-ano pa ang may malaking gampanin sa pag-unlad ng kultura ng Kanlurang Asya?
A. ekonomiya at kasaysayan
B. lutuin at pilosopiya
C. pilosopiya at relihiyon
D. relihiyon at ekonomiya

## Gawain

Alamin natin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na gawain.


**(A) – Panuto:** Isulat ang mga salitang maiiugnay o nagbibigay kahulugan sa salitang KULTURA.




**(B) Panuto:** Hanapin at bilugan ang 10 bansang kabilang sa Kanlurang Asya.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | U | W | M | Y | L | I | Y | S | I | A | T |
| Y | S | R | A | N | D | J | Y | M | R | Q | U |
| E | J | E | F | K | A | N | M | K | A | W | N |
| K | Y | O | P | I | L | I | P | I | N | A | B |
| R | S | B | R | L | I | O | G | H | L | S | I |
| U | V | Y | N | D | J | K | L | O | A | S | U |
| T | S | N | K | L | A | B | H | U | M | B | F |
| S | I | N | G | A | P | N | D | T | R | Y | N |
| T | W | A | W | E | R | I | S | R | A | E | L |
| N | A | M | O | B | A | A | I | O | E | S | E |
| I | H | U | A | R | I | S | O | Q | P | L | B |
| N | N | H | A | D | G | R | L | A | O | E | A |
| A | M | B | E | N | D | K | I | R | N | M | N |
| T | I | N | B | O | M | E | S | I | A | H | O |
| A | T | I | A | W | U | K | M | A | P | A | N |

**(C) Panuto:** Isulat ang katangian ng mga sumusunod na bansa.




**(D) Panuto:** Ipaliwanag ang mga sumusunod na kaisipan:

Ang kultura ay salamin ng kasaysayan ng isang bansa.

Mahalaga ang mga paniniwala, kultura at tradisyon mula sa nakalipas sapagkat ito'y daan para magkaroon ng kasaysayan sa kasalukuyan.

## Tandaan

Mayaman sa sinaunang akdang pampanitikan ang mga taga-Kanlurang Asya. Sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan ay nalalakbay natin ang isang bansa.

Nasasalamin sa mga akdang pampanitikan ang kultura, paniniwala, tradisyon at pamumuhay ng mga bansang bumubuo sa rehiyong ito.

Relihiyon ang malaking ambag ng Kanlurang Asya sa daigdig.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Gawain 1**
**Pangwakas na Gawain: Pagguhit ng Poster**

Gumuhit ng isang makulay na poster na nagpapakita ng mga kulturang masasalamin sa iba't ibang akdang pampanitikan.

**RUBRIK SA PAGMAMARKA**

| Pamantayan | Napakahusay (5) | Mahusay (4) | Di-gaanong Mahusay (3-2) | Kailangan pang Pagbutihin (1) |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman/ Kaangkupan ng Konsepto at Mensahe | Kumpleto, napakaliwanag, angkop at mabisang naipahayag ang mensahe at konsepto ng poster na iginuhit. | Kumpleto ngunit may isang konsepto na hindi angkop at maliwanag sa poster na nabuo. | Hindi masyadong kumpleto, hindi gaanong maliwanag, angkop at mabisa pagpapahayag ng mensahe sa poster. | Hindi napalutang at napaliwanag ang angkop na mensahe sa iginuhit na poster. |
| 2. Pagkamalik-hain (Creativity) | Lubhang orihinal, napakahusay at napakasining ng nabuong poster. | Orihinal, mahusay at masining ang poster na nabuo. | Hindi masyadong orihinal, mahusay at masining ang poster na nabuo. | Hindi nagawang mapaganda at masining ang poster. |
| 3. Mekaniks | Napakalinis at napakamakulay ng poster na iginuhit | May kaunting dumi, bura at di-angkop na kulay. | Di-gaanong malinis at hindi angkop ang kulay. | Lubhang marumi ang larawang iginuhit. |
| 4. Oras (Time) | Ipinasa sa itinakdang araw. | Ipinasa isang araw pagkatapos ng itinakdang araw. | Ipinasa dalawang araw pagkatapos ng itinakdang araw. | Ipinasa tatlo o higit pang araw pagkatapos ng itinakdang araw.I |

**Gawain 2:**

**Panuto:** Pumili ng isang kultura mula sa mga bansang nasa Kanlurang Asya ang nais mong gayahin at ipaliwanag ang halaga nito.

**1. India**

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

**2. Saudi Arabia**

| |
|---|
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |

**3. Israel**

| |
|---|
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |
| ________________________________________________________________ |

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa patlang.

______ 1. Pinaniniwalaan ng bansang India ang kagandahan, katotohanan, at kabutihan. Saan nakaugat ang kulturang ito ng mga Hindu?

A. relihiyon
B. pilosopiya
C. ekonomiya
D. pamahalaan

_____ 2. Mahalaga ang kultura sapagkat ito ang _____________ ng kasaysayan ng isang bansa.

A. simbolo
B. yaman
C. salamin
D. panitikan

_____ 3. Bakit hindi nagbago ang mga kinagisnang kultura at tradisyon ng bansang India?

A. Napanatili at isinasabuhay ng mga Hindu ang kanilang kultura at hindi naimpluwensiyahan ng kultura mula sa mga karatig bansa.
B. Ginaya ng mga Hindu ang kultura ng mga mauunlad na bansa sa Kanlurang Asya.
C. Sa pagpasok ng maraming mga dayuhan sa bansang India ay natuto ang mga Hindu na isabuhay ang kultura ng ibang mga lahi.
D. Mahigpit ang mga Hindu sa pagpapasunod ng kanilang kultura sa mga mamamayan.

_____ 4. Ang pinakatanyag na uri ng pagbati sa mga Hindu. Ito ay parehong isinasagawa kapag bumabati sa pagdating o kaya ay namamaalam. Pinagdaraop nila ang kanilang dalawang palad at inilalagay sa ibaba ng mukha

A. bunong-braso B. namaste
C. pagkaway D. pagmamano

_____ 5. Ang kultura ay salamin ng kasaysayan ng isang bansa. Isa rin **ito** sa **kaniyang** pagkakakilanlan. Mahalaga ang mga paniniwala, kultura at tradisyon mula sa nakalipas sapagkat ito'y daan para magkaroon ng kasaysayan sa kasalukuyan. Ano ang tinutukoy ng mga salitang may salungguhit?

A. kultura at Asya B. kultura at bansa
C. kultura at panitikan D. kultura at kasaysayan

## Sanggunian

Peralta, Romula N, et al, "Panitikang Asyano 9, Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino", pp. 180-185.

https://lazygeen.wordpress.com/2016/08/22/kulturang-pilipino-salamin-ng-kasaysayan-ng-bansa

## Susi ng Pagwawasto

Unang Pagsubok
1. tama
2. tama
3. mali
4. tama
5. mali

Balik-Tanaw
1. PARABULA
2. EPIKO
3. SANAYSAY
4. EPIKO
5. NOBELA

Pagsagot sa mga Tanong
1. B
2. C
3. C

Pangwakas na Pagtataya
1. B
2. C
3. A
4. B
5. B

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | U | W | M | Y | L | A | Y | S | I | A | T |
| Y | S | R | A | N | D | J | Y | M | R | Q | U |
| E | J | E | F | K | A | N | M | K | A | W | N |
| K | Y | O | P | I | L | I | P | I | N | A | B |
| R | S | B | R | L | I | O | G | H | L | S | I |
| U | V | Y | N | D | J | K | L | O | A | S | U |
| T | S | N | K | L | A | B | H | U | M | B | F |
| S | I | N | G | A | P | N | D | T | R | Y | N |
| T | W | A | W | E | R | I | S | R | A | E | L |
| N | A | M | O | B | A | A | I | O | E | S | E |
| I | H | U | A | R | I | S | O | Q | P | L | B |
| N | N | H | A | D | G | R | L | A | O | E | A |
| A | M | B | E | N | D | K | I | R | N | M | N |
| T | I | N | B | O | M | E | S | I | A | H | O |
| A | T | I | A | W | U | K | M | A | P | A | N |